

BAGONG SUMUSUPPORTANG PABAHAY SA MGA SENIOR sa Laguna Honda Campus

MARSO 2022



ISANG PINAGSAMA-SAMANG KOMUNIDAD NG MGA SENIOR

Upang masuportahan ang mabilis na dumaraming populasyon ng mga senior, napili ng Lungsod at Probinsya ng San Francisco ang Mercy Housing California (MHC) na magtayo ng kombinasyon ng abot-kayang pabahay para sa mga senior at abot-kayang bahay-kalinga sa kampus ng Laguna Honda Hospital. Ang kampus ay naghahatid ng isang kapana-panabik na pagkakataong magtayo ng mataas na kalidad na abot-kayang pabahay para sa mga senior na may mababang kita, upang mabigyan sila ng access sa maraming antas ng pangangalaga, at makapagtaguyod ng mga bagong pasilidad ng daycare sa komunidad para sa mga bata at matatanda.

Sa 22 mga komunidad ng senior na nagsisilbi sa mahigit sa 2,054 na senior sa San Francisco, hatid ng MHC ang mahalagang lokal na kasanayan sa pangyayaring ito.


Ang MHC ang pinakabihasang may-ari/tagapamahala ng mga abot-kaya at mayaman sa serbisyong pabahay sa buong estado.

SA KASALUKUYAN, ANG MERCY HOUSING CALIFORNIA AY NAGPAPATAKBO NG



PANGAKO NG PAKIKISANGKOT SA KOMUNIDAD

Nangangako ang Mercy Housing na isasama ang lokal na komunidad sa pagbuo ng proseso sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan, tulad ng pagkuha ng mga suhestiyon mula sa kapitbahayan, mga asosasyon ng kapitbahayan, at mga lokal na pinuno, gayundin sa pamamagitan ng mga nakasulat at elektronikong komunikasyon. Bilang bahagi ng pagtupad sa mga panuntunang pangkalusugan na may kaugnayan sa COVID-19, ang Mercy Housing ay mangangalap ng mga suhestiyon sa pamamagitan ng mga virtual meeting, email, regular na sulat, at website na lagunahondasenior.org.



**375 LAGUNA HONDA
BOULEVARD,
SAN FRANCISCO, CA
94116**

URI NG ARI-ARIAN

Independenteng Senior at
Bahay-Kalinga

MGA UNIT

TBD

KONTAKIN SI

Tim Dunn
Associate Director,
Real Estate Development
415.355.7113
tdunn@mercyhousing.org



TUNGKOL SA MERCY HOUSING

Ang Mercy Housing California (MHC) ay isang organisasyon sa California nagpapatayo ng mga nonprofit na pabahay na may layuning bumuo at magpatatag ng mga malulusog na komunidad. Mula 1981, ang Mercy Housing ay nakagawa at nakapagpanatili ng mga abot-kayang pabahay para sa mga tiga-California. Ngayon, ang MHC ay nagmamay-ari at namamahala ng 151 na natatanging mga lugar, na nagsisilbi sa 19,600 na residente.

Ang MHC ay kinilala ng maraming mga organisasyong pampubliko at pribado dahil sa mahusay nitong disenyo, de-kalidad na pamamahala, at modelo ng pagbibigay ng serbisyo sa mga senior, kabilang na ang American Institute of Architects, ang Institute on Aging, at ang California Alliance for Retired Americans.

Ang Mercy Housing Management Group (MHMG) ang mamamahala sa mga programang pangkabuhayan ng mga independenteng senior. Ang MHMG ay nangangakong magbibigay ng de-kalidad na serbisyo ng pamamahala sa propyedad upang palakasin ang pilosopiya na ang lahat ay may karapatan sa respeto, dignidad, at sa isang lugar na matatawag na tahanan.

Ang MHC at MHMG ay mga kasapi ng Mercy Housing, Inc. Ang (MHI), ay isang organisasyong nonprofit ng bansa na nagtatayo ng mga pabahay, namamahala, at nagbibigay ng mga serbisyo sa residente na itinatag ng anim na kongregasyon ng Women Religious, kabilang na ang Daughters of Charity, ang Sisters of Mercy, at ang Sisters of St. Joseph of Orange. Association and The California Endowment.



MERCY HOUSING CALIFORNIA MGA LOKASYON NG PROPYEDAD

na may mga opisina ng panrehiyon sa San Francisco, Los Angeles, at Sacramento

